6-12 Mga Tip sa Pamilya:

# Tulungan ang Mga Bata na Malaman ang mga Pekeng Balita at Alamin ang Mga Mensahe sa Media

Sa napakaraming media at impormasyon na dumarating sa atin sa pamamagitan ng telebisyon, telepono, social media, at higit pa, higit na mahalaga ito kaysa kailanman para maunawaan ng mga bata ang mga pangunahing kaalaman sa media. Kapag ang mga tween at mga teenager ay nakakikilala ng iba't ibang uri ng balita at media at ang mga pamamaraan at kahulugan sa likod ng mga ito, sila ay patungo sa pagiging kritikal na pag-iisip at matalinong mga mamimili.

## Tingnan ang 5 tip na ito

1

### Hikayatin ang malusog na pag-aalinlangan.

Tulungan ang mga tween at mga teenager na pag-aralan ang mga mensahe sa kanilang paligid - mula sa mga post sa Instagram hanggang sa mga headline ng balita - at tanungin ang layunin ng mga salita at larawan na nakikita nila. Turuan ang mga bata kung paano gamitin ang mga kagamitan sa pag-tukoy ng katotohanan tulad ng Snopes at FactCheck.org.

2

### Laruin ang "hanapin ang patalastas."

Kapag nakikita mo ang patalastas sa TV o billboard, tanungin ang mga tween at teenager na alamin kung anong ibinebenta ng patalastas. Minsan ito ay halata, at kung minsan ay hindi. Tulungan silang tuklasin kung bakit ginagamit ang ilang mga larawan, mga tunog, at mga salita upang magbenta ng ilang mga produkto.

3

### Galugarin ang iba't ibang panig ng isang kuwento.

Gumamit ng mga halimbawa mula sa totoong buhay upang matulungan ang mga bata na maunawaan kung paano maaaring tingnan ng mga tao ang parehong sitwasyon sa iba't-ibang pananaw. Maaaring maging isang mahusay na halimbawa kung paano nagkakaroon ng magkakaibang saloobin ang dalawang tao tungkol sa parehong kaganapan. Makipag-usap sa pamamagitan ng mga kontrobersiyal na paksa at magpalitan ng argumeto para sa iba't ibang mga panig upang matulungan ang mga bata na maunawaan ang iba't ibang mga pananaw.

4

### Maglaro ng "dapat mong bang ibahagi?"

Pag-usapan ang uri ng nilalaman na ipinapasa mo at ng iyong tween o teen sa mga kaibigan online. Anong mga uri ng mga bagay ang gusto mong ibahagi? Palagi ka bang nag-checheck upang matiyak na ang isang bagay ay totoo bago mo ito ibahagi? Paano nakakaapekto ang emosyon sa iyong mga desisyon upang magbahagi ng mga bagay? Nagbahagi ka na ba ng isang bagay at kinalaunan ay nalaman na hindi totoo?

5

### Pumili ng iba't ibang mga mapagkukunan.

Ipakita sa mga tween at mga teenager kung paano mo nakukuha ang balita at impormasyon mula sa iba't ibang lugar, at ipaliwanag kung paano mo ginagawa ang iyong mga pagpipilian. Itanong sa kanila kung saan nila nakukuha ang kanilang impormasyon at kung anong mga kagamitan ang ginagamit nila upang magpasiya kung ang isang bagay ay kapani-paniwala, mapagkakatiwalaan, at makatarungan. Galugarin ang ilang mga partidistang tagapagbalita at pag-usapan ang inyong napansin. Talakayin ang mga pagkiling, uyam, at clickbait.

NEWS & MEDIA LITERACY
We are critical thinkers & creators.


Shareable with attribution for noncommercial use only. No remixing permitted.